IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 5 May 2024, eISSN: 2799-0664

# Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Pananaliksik: Batayan sa Paglinang ng Gawaing Pangguro

**ANTHONY G. RAPOSAS**
Teacher II
Urdaneta City National High School
raposasanthony@gmail.com

**DOMINGO M. CABARTEJA, EdD,**
Urdaneta City National High School

*Abstrak* — Isa sa pangangailangan ng Bagong Kurikulum ay ang paglinang sa mga kasanayang pang-ika-21 siglo sa guro at sa mga mag-aaral. Ang kasanayan sa pagsusulat ng pananaliksik ay sinubukan sa pag-aaral na ito at siyang matibay na pangangailangan sa pagkuha ng asignatura sa Filipino partikular sa Senior High School. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin at alamin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa larangan ng pananaliksik sa ilalim ng K to 12 Kurikulum. Saklaw ng pag-aaral ang iba't ibang aspeto ng pananaliksik, kabilang ang pagpili at pagbuo ng paksa, pangangalap at pagsusuri ng datos, at pagsulat ng mga konklusyon at rekomendasyon. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibong pananaliksik, napili ng mananaliksik na gamitin ang disenyong ito na gumagamit ng talatanungan at interbyu para makalikom ng mga datos. Nakatuon ang pananaliksik na ito sa mga mag-aaral na nasa ika-12 na Baitang ng kanilang pag-aaral ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) strand at sila ang magsisilbing respondente ng pananaliksik. Ito ay kinabibilangan ng siyamnapu't anim (96) na Lalaki at siyamnapu't dalawang (92) Babae na inubuo ng isandaan at walumpo't walong (188) na kabuuang bilang ng respondente. Ipinakita ng resulta na bagaman may batayang kaalaman ang mga mag-aaral sa mga konsepto ng pananaliksik, nahihirapan silang isagawa ang mga ito sa praktikal na antas. Ang pinakamalaking hamon na kinaharap ng mga mag-aaral ay ang pagbuo o pagbalangkas ng tamang haypotesis at pagpili ng naaangkop na metodolohiya para sa kanilang mga pag-aaral. Bukod rito, ang paglalarawan sa pamamaraan ng pangongolekta ng datos ay nakakaapekto rin sa kalidad ng kanilang pananaliksik. Napag-alaman na ang suporta mula sa mga guro at pagkakaroon ng mga seminar o workshop sa pananaliksik ay may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral. Bilang tugon sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral ang pagpapalakas ng mga praktikal na pagsasanay sa kurikulum, pagsusuri sa kasalukuyang kalagayan, pagtutok sa proseso ng pagsusulat at patuloy na pagpapalakas ng kolektibong pagtuturo sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, inaasahang mas mapaghahandaan ng mga mag-aaral ang mga hamon ng mas mataas na edukasyon at ng kanilang mga napiling propesyon sa hinaharap.

***Keywords — Curriculum, Skills, Competency, Planning, Aspect, Research Skills, Senior High School, K To 12 Curriculum, Research Methodology.***

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

Ang pananaliksik ay may napakahalagang gampanin sa pagpapakilala sa mga mag-aaral ng Senior High School sa Filipino bilang bahagi ng kurikulam sa Kagawaran ng Edukasyon at disiplinang magpapatibay ng kanilang kaalaman at kasanayan na kakailanganin nang lubos sa kanilang pagtuntong sa tersyarya at sa larangang propesyunal. Kaakibat ng mga kasanayang tulad ng pagsasaayos ng mga pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; ang paghahanap ng kahulugan ng mga salita sa diksyunaryo; pagguhit o pagdisenyo ng mga grapikong paglalarawan; mataimtim na pagbabasa sa isang kwento upang makuha ang pangunahing kaisipan; pakikipanayam at pagpapaliwanag ng mga ideya gamit ang nabalangkas na konsepto. Marami nang napatunayan ang pananaliksik tungo sa papataas na direksyon ng pagbabago at pag-unlad ng komunidad na nakapagpapasiya sa mga hamon at oportunidad na dumarating. Sa pagbabagong nililirip ng panahon, may mga isyung kinakaharap ang bansa tulad ng pagkakalat ng maling impormasyon at hindi komprehensibong pagdedetalye ng mga balita partikular sa *mass media* na tila ba'y papaurong sa mga hindi makatwirang pagsangguni sa katapatan at kaisahan ng pagsasaliksik kung kaya't nararapat na maunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pagsusulat ng isang makabuluhang pananaliksik bilang kanilang panimulang kasanayan tungo sa matapang at makatotohanang paghahatid ng impormasyon.

Nakikita rin sa pag-aaral nina John Bitchener, at Helen Basturkmen (2006) Ang resulta nito ay nagpapakita ng paghihirap ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng kanilang pananaliksik, lalo na sa paggawa ng mga interbyu. Ayon sa karamihan ng mga sumagot sa pag-aaral, naniniwala silang mahirap gumawa ng tesis at may limitadong kaalaman sila sa proseso nito. Kahit ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay hindi pa lubos na nasasanay sa ganitong uri ng gawain, at kadalasan ay nakakalimutan na ang tamang istilo at format ng bawat bahagi ng tesis, lalo na sa pagsasagawa ng mga pagsusuri mula sa iba't ibang sanggunian at ang tamang paglilista o pagbibigay ng kredito sa mga ito.

Ang pananaliksik ay napakahalaga hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa iba't ibang sektor ng lipunan. May malawak itong saklaw ng mga benepisyo na makatutulong sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang larangan. Ginagamit ang pananaliksik upang hanapan ng solusyon ang mga suliranin, makadiskubre ng bagong kaalaman, konsepto, at impormasyon, at maunawaan ang likas na katangian ng isang bagay. Sa pamamagitan nito, lumalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at nagiging instrumento ito para sa personal na pag-unlad at pagpapalawak ng kaalaman ng lipunan. (Bernales et al., 2012). Batay sa aklat ni Maranan et al. (2016), maraming benepisyo ang nakukuha ng mga mag-aaral mula sa paggawa ng pananaliksik. Kasama rito ang pagpapalawak ng kanilang kaalaman tungkol sa mga bagay sa kanilang paligid, pagbibigay ng mga bagong karanasan na makatutulong sa kanilang pag-unlad, pagpapalawak ng kanilang kaisipan, paghubog sa iba't ibang kasanayan, at pagpapahusay sa kanilang kakayahan sa paglutas ng mga suliranin. Ayon kay Anatacio (2016), ang mga layunin ng pananaliksik ay naglalayong magtuklas ng bagong kaalaman, patunayan ang umiiral na teorya,

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

magbigay ng bagong interpretasyon, linawin ang isang pinagtatalunang isyu, at patunayan ang bisa at katotohanan ng isang ideya. Ang mga layuning ito ay naglilingkod na gabay para sa mga mananaliksik sa pagpili ng kanilang paksa. Ang kakayahan sa pagbuo ng pananaliksik ay mahalaga mula sa hayskul hanggang kolehiyo, at maaaring maging pundasyon ito para sa propesyonal na pagtuturo sa mas mataas na antas ng edukasyon. Ang patuloy na pag-aaral at pagpapraktis sa mga kasanayang ito ay maaaring humantong sa mas malalim na pag-unawa at kahusayan.

Ang pagsusuri at pag-aaral na may titulong "Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Pananaliksik: Batayan sa Paglinang ng Gawaing Pangguro" ay magiging isang paglalakbay sa kasalukuyan. Layunin nitong suriin ang mga kasanayan sa iba't ibang aspeto ng katalinuhan, tulad ng pagpapakilala at pagresolba sa ilang suliranin sa pananaliksik. Pinapatibay ng pananaliksik ang kahalagahan ng pag-aaral ng partikular na konteksto at panahon, na magiging pundasyon sa pagbuo ng isang teorya na magbibigay linaw sa ambag ng kaalaman na handog ng pananaliksik. Layunin ng pananaliksik na ito ang makahanap ng epektibong solusyon upang masolusyunan ang mga suliraning kinakaharap ng bawat mag-aaral sa proseso ng pagsusulat ng pananaliksik, partikular sa aspeto ng dulog, pamamaraan, estratehiya, at teknik sa konteksto ng pagkatuto.

**Kaugnay na Literatura**

**Hamon sa K-12 Kurikulum**

Isa sa mga layunin ng edukasyon ay paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng makabuluhang pananaliksik na angkop sa ika-21 siglo. Binabase ito sa pagsusuri ng mga natuklasan batay sa patuloy na pagbabago ng lipunan, na tumutulong labanan ang kawalan ng kaalaman sa makabagong kasanayan dahil sa agham at teknolohiya. Ayon sa Batas Republika Blg. 10533, tungkulin ng estado na itatag at itaguyod ang isang kumpletong sistema ng edukasyon na tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan at lipunan. Ang K to 12 Basic Education Program ay naglalayong magbigay ng sapat na oras sa mga mag-aaral upang maabot ang kahusayan sa mga konsepto at kasanayan, magtagumpay sa pangmatagalang pag-aaral, at maging handa para sa kolehiyo, trabaho, at negosyo. Ayon sa K to 12 Core Curriculum (2013), inaasahang magbuo ng mga pananaliksik ang mga mag-aaral na may kaugnayan sa mga kultural at panlipunang penomeno sa bansa, na magiging pangunahing output ng kanilang pag-aaral.

Bahagi rin ng kurikulum ang pag-aaral sa mga hakbang sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang uri ng teksto na magtutulong sa kanilang sistematikong pananaliksik. Ang pagpili ng paksa ay dapat timely at nauugnay sa kanilang pagsulat, at mahalagang ayusin ang pagkakasunud-sunod ng bawat bahagi ng sulating pananaliksik. Ayon naman kay Bayang at Rodriguez (2020), maraming mag-aaral ang nagtatago ng pagnanais na magpasa ng mga sulatin dahil ito ay rekwayrment sa kanilang pag-aaral. Karaniwan ito sa maraming silid-aralan at kadalasang hindi napapansin ng mga guro. Ang akademikong pagsusulat ay isang mahalagang kasanayan na dapat linangin sa paaralan. Ang dokumentasyon, ayon kay Atanacio et al. (2009), ay pagkolekta at pag-

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

aayos ng mga materyales tulad ng teksto, video, at aklat, na nagpapalakas sa kredibilidad ng isang sulatin. Ayon naman kay Badayos (2018), ang kakayahan na maipahayag ang naiisip o nararamdaman sa pamamagitan ng pagsulat ay mahalaga sa pang-araw-araw na pakikisalamuha at maaaring tugon sa pangangailangan na maipahayag ang emosyon na mahirap gawin sa pagsasalita.

**Kasanayan sa Pagsulat ng Pananaliksik**

Ang pagsulat ng pananaliksik ay isang mahirap na kasanayan na nangangailangan ng malawak na kaalaman sa paksa. Ayon kay Badayos (2001), ito ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa. Si Monde (2020) ay naglahad ng mga hakbang sa proseso ng pagsulat ng pananaliksik. Una. ang paghahanap ng paksa. Dapat itong maging interesante, may sapat na datos, may kabuluhan, at magbubunga ng konklusyon. Ikalawa, ang pagbuo ng balangkas. Isalaysay ang nais pag-aralan, tukuyin ang mga layunin, tanong, at kahalagahan ng paksa. Ikatlo, paglista ng mga sanggunian. Hindi dapat bababa sa pitong sanggunian. Ikaapat, ang pagkolekta ng datos. Mahalaga ang mga kaugnay na paksa at paggamit ng index card para sa talaan. Ikalima, ang paggawa ng Proposal o Konseptong Papel. Naglalaman ito ng balangkas ng nilalaman ng pananaliksik. Ikaanim, gumawa ng dokumentasyon. Tiyakin ang tamang paggamit ng mga datos at sanggunian. Ikapito, ang paglalathala ng huling bersyon. At ang panghuli, ang pagrebyu. Ipa-rebyu sa proofreader o panel bago isumite. Ayon kay Nuencio et al. (2013), ang pananaliksik ay isang proseso ng paghahanap ng mga sagot sa mga tanong gamit ang lohikal na pamamaraan, na may layuning tugunan ang mga pangangailangan ng lipunan. Ayon kay Ablanque et al. (2018), ang proseso ng paggawa ng pananaliksik ay puno ng hamon na dapat matutunan ng mag-aaral upang magtagumpay.

Ayon kina Sioson et al. (2014), mahalaga ang paggamit ng gabay upang mapabilis ang proseso ng pananaliksik. Ang bisa ng pananaliksik ay tumutukoy sa kahusayan ng isang instrumento sa pagsukat ng nais nitong sukatin, na maaaring panloob o panlabas (Pelissier, 2008). Ang gabay ay nagbibigay ng istruktura at sistematikong pamamaraan na maaaring sundan ng mga mananaliksik, mula sa pagpili ng paksa hanggang sa pagsusulat ng konklusyon. Sa pamamagitan ng gabay, mas nagiging malinaw ang direksyon ng pananaliksik, na nagreresulta sa mas maayos at epektibong proseso. Ayon kay Nuencio et al. (2013), ang pananaliksik ay isang lohikal na proseso na naglalayong sagutin ang mga tanong ng mananaliksik. Ang prosesong ito ay nakabatay sa isang partikular na suliranin at may tiyak na pamamaraan ng pag-aaral. Ang layunin ng pananaliksik ay makalikha ng malawak na kaalaman at kasanayan na makatutulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng lipunan at ng indibidwal. Bukod dito, ipinapakita ng pananaliksik ang buong proseso mula sa pagsisimula hanggang sa pagtatapos, na naglalayong mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng makabuluhang pananaliksik.

**Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik**

Ang kakulangan sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay isang isyu na nababanaag sa maraming guro. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring sanhi ng mga maling pang-unawa at

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat o komposisyon sa mga paaralan. Ayon kay Valaro (2011), patuloy na sinususog ng of Education ang kakayahan ng mga guro na magturo sa ilalim ng K-12 na kurikulum. Idinagdag pa ni Maigue (et.al, 2015) na may kakulangan sa tamang edukasyon para sa mga kabataan. Sa mga ganitong kaso, mahalaga ang pananaliksik ng ahensya upang matukoy ang mga tamang hakbang na dapat gawin ng sektor ng edukasyon para sa pinakamahalagang pag-unlad ng bata sa konteksto ng kanilang kalagayan. Ayon kay Beluez (2014), mahalaga ang papel ng mga guro sa pag-unlad ng kanilang mga estudyante, lalo na sa pagtuturo ng wastong pamamaraan ng pananaliksik at paggamit ng wastong impormasyon at kaalaman. Ang mga itinuturo ng mga guro ay ginagamit ng mga mag-aaral bilang batayan at kasangkapan sa kanilang sariling mga pananaliksik. Ngunit ang epektibong paggamit nito ay maaaring makamit lamang kung lahat ng detalye na ibinigay ng guro ay nagamit ng mga mananaliksik sa kanilang paglikha ng mga papel na pananaliksik. Sa ganitong paraan, maaaring makagawa ang isang mag-aaral ng isang mataas na kalidad ng pananaliksik na naglalaman ng mahahalagang aral at tamang impormasyon para sa kanilang mga kapwa mag-aaral.

Batay sa pagsusuri ni Vergara (2010), layon nito na tukuyin ang mga salik ng motibasyon sa paghahanda ng mga mag-aaral sa tertiaryong antas sa Batangas City para sa pananaliksik. Inimbestigahan nito kung paano iniuugnay ng mga kalahok ang antas ng kanilang motibasyon sa pananaliksik. Kasama rin sa pag-aaral ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik, partikular sa mga aspeto ng praktikal na gawaing pananaliksik tulad ng pagsasalita, pakikinig, pagsusulat, pagbabasa, at paglutas sa mga suliranin. Napagtanto ni Vergara na pangunahing nagmumula sa personal na motibasyon ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang kakayahan sa pagiging malikhain at pagbabahagi ng mga bagong ideya at kaalaman, pati na rin sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa mga gawain na dapat bigyang-pansin sa pamamagitan ng wastong paglalaan ng oras. Sa aspetong pang-akademiko, ipinagtuon ng mga mag-aaral ang pag-unlad ng kanilang kakayahan sa pasalita at pasulat na komunikasyon bilang bahagi ng kanilang motibasyon sa pananaliksik. Isinulong ni Vergara na magkaroon ng mga pagsasanay at workshop sa pakikipagtulungan ng paaralan at ng mga guro-konsultant sa pananaliksik upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik.

## II. Methodology

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang isinasagawang pananaliksik ay gagamit ng Deskriptibong metodo ng pananaliksik. Maraming uri ng deskriptibong pananaliksik, ngunit napili ng mga mananaliksik na gamitin disenyong ito na gumagamit ng talatanungan (survey questionnaires) para makalikom ng mga datos. Ayon kay Williams (2007) ang deskriptibong pananaliksik ay isang pamamaraan ng pagsasaliksik na maaaring matukoy ang sitwasyon sa kasalukuyang penomena. Nakasaad din kay Nassaji (2015) na ang layunin ng deskriptibong pananaliksik ay pagguhit at pag-uuri ng hindi pangkaraniwang bagay. Bilang karagdagan, tinukoy ni Walliman (2011) na ang deskriptibong

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

pananaliksik ay nag-uugnay sa isang pagmamasid sa pagkolekta ng impormasyon. Naniniwala ang mga mananaliksik na angkop ang disenyong ito para sa paksang ito sapagkat mas mapapadali ang pangangalap ng datos mula sa respondente.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsasarbey at pakikipanayam. Ang mga mananaliksik ay naghanda ng talaan ng sarbey-kwestyuner (survey-questionnaire) na naglalayong makapangalap ng mga datos upang masuri ang kasanayan ng mga respondente sa pagsasagawa ng pananaliksik. Random sampling at cluster sampling ang gagamitin sa pagkuha ng mga mananaliksik na magiging respondente sa ika-12 na Baitang sa Humanities and Social Sciences (HUMSS) strand sa Urdaneta City National High School.

**Paraan Ng Pagpili Ng Mga Respondente**

Ang mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay gagamit ng mga piling mag-aaral upang maging respondenteng kasangkapan sa pananaliksik na ito na mula sa Grade 12 Senior High School sa Urdaneta City National High School. Kung kaya't ang bawat kwantitatibong datos na nakalap ng mga mananaliksik mula sa mga respondente ay magiging balido na siyang makikita sa bawat talahanayan na nasa Kabanata 3 ng pananaliksik na ito. Ginamit din ang *raosoft* sa pagkuha ng eksaktong bahagdan pagdating sa bilang ng mga mag-aaral sa HUMSS strand.

**Paglikom ng mga Datos**

Mahalaga sa qualitative-narrative analysis methodology ang paglikom o pagkuha ng datos o impormasyon dahil ito ang nakakatulong upang magkaroon ng ebalwasyon ang gagawin na aksyon o pag-aaral. Upang sagutin ang ikatlong suliranin, ang researcher ay gagamit ng naratibong pagsusuri. Ang mga deksripsyon na magagawa ay base sa mga karaniwang sagot ng mga respondent patungkol sa kanilang mga suliranin sa pananaliksik. Ang mananaliksik ay gagamit ng KII o Key Informant Interview sa pagkuha ng mga datos sa pag-aaral na ito. Bago gawin ang pag-iinterbyu sa mga kalahok, ipapakita muna sa kanila ang liham pahintulot upang ipaalam ang layunin ng pananaliksik. Ito ay sa pamamagitan ng consent form o approval sheet. Kinakailangan nila itong lagdaan bilang patunay na sila ay pumayag sa gagawing pag-iinterbyu. Malaon pa, ipapaliwanag din ng mananaliksik sa kanila na bibigyang kasiguraduhan ang lahat ng impormasyon makuha sa kanila ay mananatiling kumpidensyal o lihim lalo na ang kanilang mga pagkakilanlan.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## III. Results and Discussion

**Talahanayan 1. Profayl ng mga mag-aaral ng Senior High School**

| Profayl | Kategorya | f | Bahagdan % |
|---|---|---|---|
| **Edad** | 17 | 90 | 47.9 |
| | 18 | 82 | 43.6 |
| | 19 | 9 | 4.8 |
| | 20 | 7 | 3.7 |
| **Kasarian** | Lalaki | 96 | 51.1 |
| | Babae | 92 | 48.9 |
| **Grade Point Average (GPA) sa Filipino** | 80 pababa | 2 | 1.1 |
| | 81-85 | 11 | 5.1 |
| | 86-90 | 76 | 40.4 |
| | 91-95 | 74 | 39.4 |
| | 96 pataas | 24 | 12.8 |
| **Karanasan sa pagbuo ng papel-pananaliksik** | Walang karanasan | 45 | 23.9 |
| | Kasalukuyang nananaliksik | 21 | 11.2 |
| | Naging mananaliksik | 29 | 15.4 |
| | Kabilang sa kurikulum ang pananaliksik sa hayskul | 93 | 49.5 |

Batay sa datos na nakuha buhat sa baryabol sa Edad, Kasarian, Antas ng Grado na may makabuluhang ugnayan sa mga nabanggit na Antas ng Kaalaman at Kasanayan sa pagsusulat ng pananaliksik. Mas marami ang sumagot na respondent sa edad na labimpito (17) na may bilang na siyamnapu (90) at may katumbas na 47.9 na bahagdan kaysa sa edad na dalawampu (20) na may bilang naman na pito at may katumbas na 3.7 na bahagdan. Natunghayan din na mas maraming kalalakihan na sumagot sa bilang na siyamnapu't anim (96) at may katumbas na 51.1 na bahagdan kaysa sa kababaihan na sumagot sa bilang na siyamnapu't dalawa (92) at may katumbas naman na 48.8 na bahagdan. Siyentipikong napatunayan din na mas lohikal ang pag-iisip ng mga lalaki kaysa sa mga babae. Mas may kakayahan ang mga lalaking mag-analisa ng mga bagay, sapagkat madalas silang mas maparaan kung ikukumpara sa mga babae. Makikita naman sa Grade Point Average o GPA sa Filipino, mas marami ang sumagot na respondent sa kanilang marka na umaabot ng 86-80 na may bilang na pitumpo't anim at may katumbas na 40.4 na bahagdan, kumpara naman sa pinakamababang nakuhang marka na umaabot ng 80 pababa na may bilang na dalawa at may katumbas na 1.1 na bahagdan. Samantalang sa karanasan sa pagbuo ng pananaliksik, mayroong pinakamataas na bilang ng respondente na mayroong siyamnapu't tatlo (93) at may katumbas na 49.5 na bahagdan na nagsasabing kabilang sa kurikulum ang pananaliksik sa hayskul at pinakamababa na bilang ng respondente na mayrooong dalawampu't isa (21) at may katumbas na 11.2 na nagsasabi namang kasalukuyan silang nananaliksik.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 2. Lagom ng mga nabanggit na Antas ng Kompetensi na natutuhan sa Pananaliksik**

| Blg | | Mean | Descriptive Equivalent |
|---|---|---|---|
| 1 | Kaalaman | 3.2878 | Katamtamang Kasanayan |
| 2 | Kasanayan | 3.3729 | Katamtamang Kasanayan |
| 3 | Saloobin | 2.6729 | Katamtamang Kasanayan |
| | **Weighted Mean** | 3.2878 | **Katamtamang Kasanayan** |

Mula sa Talahanayang ito na may pamagat na "Lagom ng mga nabanggit na Antas ng Kompetensi na natutuhan sa Pananaliksik," ipinakita ang resulta ng weighted mean ng bawat antas ng kompetensi sa kaalaman, kasanayan, at saloobin ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Sa Antas ng Kompetensi sa Kaalaman, ang kabuuang average ay 3.2878, na katumbas ng Katamtamang Kasanayan. Ipinakita na ang kaalaman sa pananaliksik ay mahalaga at dapat taglayin ng bawat mag-aaral, kahit na mayroon na silang batayang kaalaman sa mga konsepto at pamamaraan ng pananaliksik, ang mundo nito ay patuloy pa rin nilang gustong tuklasin. Sumunod naman ang Antas ng Kompetensi sa Kasanayan, na may kabuuang average na 3.3729, na katumbas din ng Katamtamang Kasanayan. Pinakita sa talahanayan na ang epektibong pananaliksik ay hindi lamang nakasalalay sa kaalaman kundi higit sa lahat sa kasanayan sa paggamit at pagpapatupad ng mga ito. Sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral at praktika, handa at kompetente ang mga mag-aaral na harapin ang iba't ibang hamon sa kanilang larangan. Sa Antas ng Kompetensi ng Saloobin, na may kabuuang average na 2.6729, nagpapakita ito ng Katamtamang Kasanayan. Ang saloobin ng mga mag-aaral sa pananaliksik ay naglalarawan ng kanilang kakayahan at kahandaan na harapin ang mga hamon at oportunidad na dala ng proseso ng pananaliksik. Ang positibong saloobin at disiplina sa pag-aaral ay mahalaga upang maging bukas sila sa mga bagong kaalaman at handa silang magpursigi para sa kanilang mga layunin sa pananaliksik.

**Talahanayan 3. Ugnayan ng Propayl sa Antas ng Kompetensi na Natutuhan sa Pananaliksik**

| | | Kaalaman | Kasanayan | Saloobin |
|---|---|---|---|---|
| ANTAS DESKRIPSYON O GPA sa Filipino (Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik | Pearson Correlation | **.292****  | **.275**** | -.066 |
| | Sig. (2-tailed) | **.000** | **.000** | .371 |
| KARANASAN SA PANANALIKSIK | Pearson Correlation | .013 | .078 | .001 |
| | Sig. (2-tailed) | .858 | .285 | .989 |

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng ugnayan ng Propayl ng mga respondente sa Antas ng Kasanayan na natutuhan sa Pananaliksik. Matutunghayan natin ang makabuluhang ugnayan ng kanilang Antas Deskripsyon o GPA sa Filipino sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik sa mga nabanggit na Antas ng Kaalaman at Kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Sa talahanayang ito, ating tatalakayin ang kabuluhang ugnayan ng propayl ng mga respondente sa kanilang antas ng kasanayan na natutuhan sa pananaliksik,

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

partikular sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik, at ang kanilang antas ng deskripsyon o GPA sa Filipino na may katumbas pearson correlation na .292 at significant tailed na .000 sa Antas ng Kaalaman samantalang mayroon namang pearson correlation na .275 at significant tailed na .000 sa Antas ng Kasanayan. Wala namang kabuluhang ugnayan na lumalabas sa Saloobin ng mga mag-aaral sa Pananaliksik na may pearson correlation na -.066 at significant tailed na .371. Sa Karanasan naman sa pagsulat ng pananaliksik, sa antas ng kaalaman na may pearson correlation na .013 at significant tailed na .858, sa antas ng kasanayan na may pearson correlation na .078 at significant tailed na .285, at sa kategoryang saloobin na may pearson correlation na .001 at significant tailed na .989. Makikita na walang kabuluhang ugnayan ang propayl ng mga respondente sa karanasan sa pananaliksik.

Ito ay nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng propayl ng mga respondente, na kung saan ay nagtutukoy sa kanilang mga plano o layunin sa kanilang mga pananaliksik, at ang antas ng kanilang kasanayan sa pananaliksik na nakuha mula sa pag-aaral ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Kasabay nito, sinusuri rin ang antas ng kanilang deskripsyon sa asignaturang Filipino, na maaaring magbigay ng konteksto sa kanilang kabuuang pag-unlad at pagtanggap sa paksa ng kanilang pananaliksik.

**BATAYANG KAALAMAN AT KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PANANALIKSIK**

Para sagutin naman ang nakalad na suliranin sa ikatlo, gamit ang kwalitatibong datos na mula sa tugon ng mga respondente sa pamamagitan ng interbyu o pakikipanayam. Sa labin-anim na tagasagot ng mga tanong, pumili lamang ng mga tugon na magkakapareho sa kanilang nalalaman, nakasanayan, at nasa saloobin sa pagsusulat ng pananaliksik.

**Hinuha at Konsepto sa Makabuluhang Pananaliksik**

Naniniwala ang mga respondente na nagsisimulang nakabubuo ng pananaliksik sa isang suliranin na kailangang mabigyan ng kasagutan o solusyon. Sa sagot ng respondente 4 na ang pananaliksik ay may gathering of data, paghanap ng solusyon sa mga problema, makikitang nababatid ng tagatugon kung ano ang prosesong pinagdaraanan ng pagsusulat ng isang pananaliksik partikular sa pagkolekta at pagkuha ng mga datos na humahantong sa resultang kinakailangan tulad ng solusyong makatutugon sa kapakinabangan ng isinasagawang pag-aaral. Sa inilahad naman ng Respondente 9 na ang pananaliksik ay isang instrument upang makapangalap ng mga kinakailangang datos o impormasyon. Ito ay may suliraning dapat masolusyunan sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga datos o impormasyon. Batay sa inilahad ng respondent, mayroon siyang kamalayan na mabibigyan ng sagot o solusyon ang isang suliranin sa pamamagitan ng pananaliksik. Ang pananaliksik ay isang makapangyarihang kasangkapan sa pagtukoy at pagresolba ng mga suliranin sa iba't ibang mga isyu. Sa pamamagitan ng tamang paggamit at interpretasyon ng mga datos at impormasyon, maaaring magkaroon ng positibong epekto ang pananaliksik sa lipunan sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga solusyon at pagpapalakas

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 5 May 2024, eISSN: 2799-0664

ng kaalaman at kamalayan. Ayon naman sa respondente 11, sa pamamagitan ng pananaliksik, maaaring masuri at maunawaan ng mga mananaliksik ang mga ugat at kahulugan ng mga suliranin. Ito ay maaaring magbigay ng mas malalim na perspektiba sa mga isyu at magturo ng mga posibleng solusyon. Pareho rin sa inilahad ng respondente 13 at 16 ay maaaring nagpapahiwatig ng malalim na pag-unawa at pakikiisa sa suliranin na kanilang pinag-aaralan. Ito ay maaaring magpahiwatig ng pagkakaroon ng kumpletong pag-unawa sa konteksto ng problema at ang mga posibleng paraan ng pagresolba nito.

Ang ganitong uri ng consensus ay maaaring magpahayag ng epektibong komunikasyon at kooperasyon sa pagtugon sa suliranin. Ang parehong tugon ng mga respondente sa isang pananaliksik ay maaaring magdulot ng positibong implikasyon sa pag-unawa at pagtugon sa mga suliranin, ngunit mahalaga pa rin na suriin ang konteksto at mga posibleng bias na maaaring makaapekto sa interpretasyon ng mga resulta. Ayon kay De Castro at Taruc (2010), ang pananaliksik ay isang makabuluhang gawain, ang pagsasagawa ng pananaliksik kaugnay ng pagsisiyasat at paglikom ng mga datos o impormasyon. Sa pamamagitan ng pagtatanong at obserbasyon, natutuhan ang mga bagay na humahantong sa kaalaman. Natutugunan nito ang mga suliraning naghahanap ng solusyon. Masasabing ang lahat ng bagay ay may katumbas na paliwanag sa pananaliksik. Kailangan ng kahandaan ang pagsasagawa ng pananaliksik sapagkat nagkakaroon ng ideya ang tao dahil sa kuryosidad kung kaya hindi malayong dahil sa pananaliksik ay umunlad ang bansa. Ito ay batid ng mga mag-aaral na malaking bahagi ito ng kanilang rekwayrment o gampanin sa loob ng eskwelahan. Hindi lingid sa kaalaman ng mga respondente ang maaaring kahinatnan ng mga pag-aaral na ito kapag walang mapagkukunan na mga datos. Ang pagkakaunawa sa pananaliksik ay abstraktong konsepto na mananatili sa isipan lamang ngunit nagiging mahina sa pagpoproseso at kung paano ang pagsusulat ng bawat kabanata.

Ang pananaliksik ay isang napakahalagang instrumento na maaaring magsilbing solusyon sa iba't ibang mga suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral. Ito ay hindi lamang isang paraan upang makakuha ng impormasyon at datos, ngunit ito rin ay isang paraan upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga isyu, magbigay ng solusyon, at magdala ng pagbabago. Ang mga nararapat na sagutin sa isang suliranin bilang proseso ng pananaliksik na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman at kamalayan sa iba't ibang mga isyu at tema.

Maaari silang maging mas kritikal at mapanuri sa mga impormasyon na kanilang natatanggap, pati na rin ang pag-unawa sa mga kontekstong panglipunan at pang-ekonomiya. Ang paggamit ng pananaliksik bilang isang paraan ng pagtugon sa mga suliranin ay naglalayong magtanggol sa kanilang interes at kabutihan, pati na rin ang pagpapalakas ng kanilang kakayahan bilang mga aktibong mamamayan at tagapag-ambag sa lipunan.

**Pagiging pamilyar sa bawat kabanata sa Pananaliksik**

Mayroong iminungkahing hakbang si De Laza (2016) sa pagsusulat ng pananaliksik, ito ay ang mga sumusunod; 1) Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik, 2) Pagdidisenyo ng

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Pananaliksik, 3) Pangangalap ng datos, 4) Pagsusuri ng Datos, at 5) Pagbabahagi ng pananaliksik. Sa inilahad ng respondente 1, nasa modernong pormat na rin ang naituturo sa kanilang asignaturang Pananaliksik. Pareho rin sa inilahad na pagkakasunod-sunod ng respondente 10. Halos magkapareho din sa mga nauna ngunit hindi nga lang natapos ang buong kabanata. May mga nagsasabing respondente na hindi na rin umaabot sa huling kabanata dahil kulang sa panahon. Naituro na rin kay respondente 13 ang pagbuo ng Konseptwal at Teoritikal na Balangkas na sinusundan ng mga pamamaraan o disenyo at instrument sa paggamit ng pangangalap ng datos tulad ng kwestyuner. Tinapos din ito agad sa Resulta at Diskusyon ng pag-aaral. Kaiba rin sa sinabi ng respondent 16 na bumanggit ng Paglalahad ng Suliranin sa Kabanata 1 at etikal na konsiderasyon sa Kabanata 2. Ang pagkakasunod-sunod ng mga kabanata sa isang pananaliksik ay maaaring mag-iba depende sa disenyo ng pananaliksik, ang disiplina, at ang partikular na kahilingan ng guro o propesor. Gayunpaman, narito ang isang pangkalahatang pagkakasunod-sunod ng mga kabanata na karaniwang makikita sa maraming pananaliksik: Introduksyon o Panimula, Saklaw at Limitasyon, Pamamaraan o Metodolohiya, Resulta at Diskusyon, at Konklusyon at Rekomendasyon. Ang mga nabanggit na kabanata ay nag-iiba-iba man sa pagkakasunod-sunod, ang mahalaga ay maging organisado at sistematiko sa paglalahad ng bawat seksyon upang maging malinaw at madaling maunawaan ng mga mambabasa.

Ang sitwasyon na ang isang mag-aaral ay may kaalaman sa kahulugan ng pananaliksik ngunit hindi marunong sumulat ng pananaliksik ay maaaring maging isang pagkakataon para sa pagtugon at pagtulong sa mga pangangailangan at kakulangan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat ng pananaliksik. Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Ablanque et al. (2018), ang pag-abot ng tagumpay ang pagbuo ng isang papel pananaliksik, ay may mga balakid na dadaanan upang matuto ang bawat indibidwal sa pagbuo ng isang maganda, malinaw at mahusay na pag-aaral. Ang mga balakid na ito ay nagdudulot ng kalituhan sa oras ng talakayan maging sa oras ng pagbuo ng isang papel pananaliksik. Ito ay nagreresulta ng kahirapan sa isang mag-aaral na hindi maintindihan ang bahagi ng pag-aaral ngunit sa kabila nito, kinakailangan nyang matutunan ang lahat ng bahagi maski ang pinakakomplikadong gawin at intindihan. Sa pagbuo ng isang papel pananaliksik, hindi maaring laktawan ang parteng hindi naiintindihan o hindi malinaw.

Ang mga guro at mga institusyon ay maaaring magbigay ng suporta, gabay, at mga pagkakataon para sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Maaaring ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa pag-unawa sa mga teknikal na aspeto ng pagsusulat ng pananaliksik, tulad ng wastong paggamit ng format, pagbuo ng metodolohiya, at pagsusulat ng mga resulta at diskusyon. Kahit na alam nila ang kahulugan ng pananaliksik, maaaring hindi sila kumportable o kasanayang sumulat ng komprehensibong pananaliksik. Posibleng ang ilang mga mag-aaral ay may kakulangan sa disiplina o motibasyon upang maglaan ng sapat na panahon at pagsisikap sa pagsulat ng isang pananaliksik. Ang proseso ng pagsusulat ng pananaliksik ay mahaba at kailangan ng dedikasyon at pagtitiyaga upang makumpleto ng maayos. Kahit na alam nila ang kahalagahan ng pananaliksik, maaaring hadlang ang kanilang sariling pag-aalinlangan o kawalan ng tiwala sa kanilang sarili upang simulan at tapusin ang isang pananaliksik. Ang

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

kakulangan sa tamang gabay at suporta mula sa mga guro o mga propesyonal na nagtuturo ng pananaliksik ay maaaring maging isang hadlang sa pagpapalawak ng mga kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay maaaring nangangailangan ng dagdag na tulong at gabay upang matutunan at maunawaan ang proseso ng pagsusulat ng pananaliksik.

**Pagsisiyasat ng mga Mag-aaral sa mga Batis ng Impormasyon**

Ang mga nakalahad na naratibong ulat ay nagpapatunay na hindi maaaring talikuran ang malaking epekto ng internet sa iba't ibang larangan ng buhay, kasama na rito ang larangan ng pananaliksik sa kasalukuyang panahon. Sa tugon ng respondent 5, ang internet ay isang epektibo at mabisang paraan upang makalikom ng impormasyon at datos sa hinaharap. Ayon kay Winner (2008), maraming naidudulot na magandang epekto at hindi magandang epekto sa paggamit ng internet. Nagdudulot ito ng magandang kapakinabangan sa mga kabataan lalo na sa kanilang research papers, mga project, at mga takdang aralin.

Halos lahat ng kailangan ng isang tao ay masasabi nating nasa internet na o masasagot sa internet sa isang click lamang. Sinabi naman ng respondent 6 na madalas na ginagamit ang internet bilang batis ng impormasyon dahil ito ay mas madaling gamitin. Ayon naman kay Marc Prensky (2001), hindi lamang damit ang mabilis na magbago, maging ang paraan na rin ng pakikipagkomunikasyon. Kahit bata pa lamang ay nakakayanan ng gumamit nito sapagkat sadyang madali itong gamitin. Ang pagsaliksik sa internet at paminsan-minsang pagbabasa sa mga libro, journal, at newspaper sa pagtugon naman ng respondent 9. Inilahad naman ni Siraj et. al. (2015) na ang internet bilang pangunahing impormasyon at komunikasyon na humahantong sa pagbabago ng kalidad sa pandaigdigang sitwasyon ng impormasyon. Dinagdag pa niya na ang internet ay kadalasang ginagamit bilang isang online na mapagkukunan sa pag-aaral na nakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga akademikong pagganap.

Ang paggamit ng internet ay nagbukas ng mga bagong oportunidad at nagbigay ng mga bagong pamamaraan sa pagsasaliksik na dati-rati'y hindi gaanong *accessible*. Isa sa mga pangunahing benepisyo ng paggamit ng internet sa pananaliksik ay ang mabilis na pag-access sa impormasyon. Sa tulong ng search engines tulad ng Google, maaaring madaling mahanap ang mga sanggunian at dokumento na may kaugnayan sa isang partikular na paksa sa loob lamang ng ilang segundo. Ito ay malaking tulong sa mga mananaliksik upang mapabilis at mapadali ang proseso ng pagkuha ng impormasyon.

Gayunpaman, may mga limitasyon din sa paggamit ng internet sa pananaliksik. Isa sa mga pangunahing isyu ay ang katumpakan at kalidad ng impormasyon na makukuha mula sa internet. Hindi lahat ng impormasyon ay tiyak o tumpak, at maaaring mahirap i-validate ang mga sanggunian na hindi mula sa pinagkakatiwalaang mga mapagkukunan. Ang pagiging labis na nakadepende sa internet ay maaaring humantong sa kakulangan sa paggamit ng iba't ibang mga mapanuring pamamaraan sa pananaliksik tulad ng pag-aaral sa pamamagitan ng primaryang sanggunian, pagsasagawa ng sariling eksperimento, at iba pa. Sa kabuuan, ang paggamit ng

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

internet sa pananaliksik ay isang mahalagang kagamitan ngunit dapat itong gamitin nang maingat at may kaalaman. Mahalaga pa rin ang paggamit ng iba't ibang uri ng sanggunian at pamamaraan upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng mga datos at impormasyon na nakukuha.

## KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSULAT NG PANANALIKSIK

Ang mga makabuluhang paglalahad ay inihayag tungkol sa estratehikong paggamit ng kasanayan sa pagbuo ng isang pag-aaral at paglutas ng problema. Ang mga tugon mula sa mga kalahok na nakolekta mula sa isang serye ng mga isinaayos na tanong na nakatuon sa kanilang mga kasanayan ay nagbibigay-liwanag sa katatagan ng pamamaraan sa pagpapahusay ng kalinawan at pagpapatupad ng mga proseso sa paglutas ng problema partikular sa isang pananaliksik.

### Kasanayang Nagpapatalas at Nagpapaunlad sa Pagsusulat ng Pananaliksik

Ang kasanayan sa pagkakaroon ng kritikal at analitikal na pag-iisip ay nababanggit ng mga respondente kaugnay na rin sa pangunahing kaalaman na malilinang sa pagsusulat ng pananaliksik. ng kakayahan na suriin at punahin nang maingat ang mga impormasyon at datos ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na maging mas epektibo at mas mapanuri sa kanilang pag-aaral. Sinabi ng respondente 4 na ang kasanayan na ito ay pagiging *critical thinker*, pagiging organisado pagdating sa *data gathering*-may pag-aanalisa. Ang nakasulat na mga kasanayan sa komunikasyon at kritikal na pag-iisip ay sumasailalim sa halos bawat yugto o bahagi ng pagsisikap sa pananaliksik (Dwyer et al. 2014; Ghanizadeh 2017; Moore & Morton 2017) at ang mga mahuhusay na mananaliksik ay kailangang maging mahusay sa pareho. Ang kasanayan sa pagsulat ay malawak na pinaniniwalaan na mahalaga sa pagbuo hindi lamang ng mga kasanayan sa komunikasyon kundi pati na rin sa kritikal na pag-iisip at siyentipikong pangangatwiran. (Dowd et al. 2018). Sa pamamagitan ng pagiging kritikal na mag-isip, ang mga mananaliksik ay nagiging handa na suriin at suriin ang mga pinagmulan ng impormasyon, ang kanilang metodolohiya, at ang kanilang mga konklusyon. Tinatalakay natin ang kahalagahan ng pagiging kritikal na mag-isip sa proseso ng pananaliksik at kung paano ito nagbibigay-daan sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa at mas mabisang solusyon sa mga problema. Bibigyang-diin din natin ang mga pamamaraan kung paano ito magagamit sa pag-aaral ng iba't ibang mga paksa at kung paano ito makakatulong sa pagsusulong ng kaalaman at pag-unlad sa iba't ibang larangan ng pananaliksik. Sa pagtuklas ng kasanayang ito, mas maaari nating mapabuti ang kalidad at kahalagahan ng ating mga pananaliksik, at sa huli, maging mas epektibo sa pagtulong sa ating lipunan.

May mga respondente rin na nagsasabing mas napapahusay at napalalawak ang kanilang pananaliksik sa pagbabasa at pagsusulat ng mga impormasyon. Ang mahusay na kasanayan sa pagbabasa ay nagpapahintulot sa isang mananaliksik na maunawaan at masuri nang mabuti ang mga sanggunian at literatura ukol sa kanyang paksa. Ang mabilisang pagbabasa ay nagbibigay-daan sa pagkuha ng malawak na kaalaman at perspektibo tungkol sa paksa. Samantalang ang pagiging mahusay sa pagsulat ay mahalaga sa pagsasalin ng mga ideya at natuklasan sa isang

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

organisado at makabuluhang paraan. Ang mga mananaliksik ay dapat magkaroon ng kakayahang maipahayag ng malinaw at tiyak ang kanilang mga kaisipan, metodolohiya, at natuklasan sa pamamagitan ng pagsulat ng pananaliksik. Ayon kay Matsuda (2003), Ang pagbabasa ay nagbibigay din sa mga mag-aaral ng isang bagay na maisusulat tungkol sa isang partikular na paksa, at ang pagbabasa ay maaaring magbigay ng mga ideyang ito para sa kanila. Sa wakas, ang pagbabasa ay naglalarawan ng mga modelo ng tunay na mahusay na pagsulat, sa gayon ay nag-aalok sa mga mag-aaral ng pagtuturo sa pananalita, organisasyon, sintaks, at wika.

Dagdag pa ni Cruz (2010), ang pagbasa at pagsulat ay isang Gawain na hindi dapat paghiwalayin sapagkat nabibilang ang mga mambabasa o manunulat sa gawaing pakikisalamuha. Ang pagbabasa at pagsusulat ay hindi lamang simpleng kasanayan kundi mga mahalagang kasangkapan sa proseso ng pananaliksik. Ito ay nagbibigay-daan sa pagpapalalim ng kaalaman, pagsasama-sama ng impormasyon, at pagpapahayag ng natuklasan, na nagiging pundasyon ng isang epektibong pananaliksik.

**SALOOBIN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSUSULAT NG PANANALIKSIK**

Ang pagsusuring ito ay nagmumula sa mga tugon ng mga kalahok sa mga naisaayos na katanungan tungkol sa kanilang proseso ng pagsuri ng mga resulta at pagtiyak ng katumpakan sa kanilang mga nakuhang impormasyon. Ang datos ay nagpapakita ng matinding diin sa saloobin sa pagsasagawa ng pananaliksik, ang mga labis na nakakaapekto sa kanilang pag-proseso ng mga pag-aaral.

**Saloobin ng mga Mag-aaral tungkol sa Kahalagahan ng Pananaliksik sa kasalukuyan**

Sa panahon ngayon, ang pagkakaroon ng maling impormasyon ay isa sa mga hamon na kinakaharap ng lipunan. Sa digital na edad na ito, ang access sa impormasyon ay hindi na limitado sa tradisyonal na mapagkukunan tulad ng mga aklat at pahayagan. Sa halip, maaari nang madaling ma-access ang malawak na hanay ng impormasyon sa pamamagitan ng internet at iba't ibang plataporma ng social media. Gayunpaman, ang kasaganaan ng impormasyon ay hindi palaging naglalarawan ng kalidad nito. Sa paglipas ng panahon, ang pagdami ng mga pekeng balita, maling impormasyon, at disinformation ay nagiging isang malaking suliranin. Ang pagkalat ng maling impormasyon ay maaaring magdulot ng malawakang kawalan ng tiwala sa mga institusyon, pagkalito sa publiko, at maging mapanganib na epekto sa lipunan. Inilalahad ng mga respondente ang pagkadismaya sa mga kumakalat na maling impormasyon kung kaya't kinakailangan na magkaroon ng malawakang pag-aaral sa pagbuo ng makabuluhang pananaliksik bilang solusyon sa suliranin. Ayon sa pag-aaral ni Shellenbarger (2016), ang mga kabataan ngayon ay mahusay sa paggamit ng teknolohiya at gawing kapaki-pakinabang ito sa pangangalap ng mga impormasyon, ngunit sila ay nagiging mangmang sa kung paano bibigyan ng maayos na ebalwasyon o pagkikilatis ang mga impormasyong kanilang natatagpuan. Inilahad sa kanyang pag-aaral na mahigit dalawa sa tatlong mag-aaral sa middle school ang hindi marunong magbigay ng dahilan kung bakit dapat ay pagkatiwalaan ang impormasyong kanyang nakalap. Apat naman sa sampung

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

mag-aaral na high school ay agad na pinagkakatiwalaan ang balitang nakita sa larawan kahit pa ito ay walang malinaw na pinagmulan. Sa konteksto ng pananaliksik, ang pagkakaroon ng maling impormasyon ay maaaring magdulot ng mga hadlang sa pagbuo ng wasto at mabisa na pagsusuri. Ang mga mananaliksik ay nahaharap sa pagsubok na suriin ang mga mapanlinlang na datos at alamin ang katotohanan mula sa mga pekeng impormasyon. Ang pag-unawa sa kung paano lumalaganap at nagiging epekto ang maling impormasyon ay mahalaga sa pagtuklas ng mga solusyon upang labanan ito. Sa pagmumulat sa hamong ito, ang pag-aaral tungkol sa pagkakaroon ng maling impormasyon ay nagiging mahalaga sa pagpapalalim ng kaalaman sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sanhi at epekto ng maling impormasyon, maaaring magkaroon ng mga hakbang na maaaring gawin upang mapangalagaan ang integridad ng impormasyon at mapanatili ang kalidad ng pagsasaliksik at pag-unlad ng lipunan.

**Saloobin ng mga Mag-aaral tungkol sa Pangkatan vs Isahan na pagsasagawa ng pananaliksik**

Ang paggawa ng pananaliksik sa isang pangkat ay nagbibigay-daan sa pagpapalitan ng iba't ibang ideya at pananaw. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, ang mga miyembro ng pangkat ay maaaring magbahagi ng kanilang kaalaman, karanasan, at pananaw, na maaaring magresulta sa mas malawak at komprehensibong pagsusuri. Ito ay nagbibigay ng suporta at motibasyon sa bawat miyembro. Ang interaksyon at pagtutulungan sa isang grupo ay maaaring magbigay ng moral na suporta at inspirasyon, na maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng pagganap at pagtitiyaga. Ang pagtaas ng interes na ito ay maaaring masubaybayan pabalik sa katotohanan na ang mga mananaliksik at mga guro ay nalaman ang mga positibong epekto na maaaring magkaroon ng pakikipagtulungan sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto. Ang pangunahing pag-aalala sa lugar ng pananaliksik ay kung paano naiimpluwensyahan ng interaksyon at pagtutulungan ng mga mag-aaral ang pag-aaral at paglutas ng problema sa mga grupo. (Hammar Chiriac, 2011). Mula sa pananaw ng pangkatang gawain, mayroong dalawang pangunahing paraan ng pagtalakay ng pagtutulungan sa mga grupo: pagtatrabaho sa isang grupo (kooperasyon) o pagtatrabaho bilang isang grupo (pagtutulungan; Underwood, 2003; Hammar Chiriac at Granström, 2012). Ang mga sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral ay magkakasamang nakaupo sa isang grupo ngunit nagtatrabaho nang paisa-isa sa magkakahiwalay na bahagi ng isang pangkatang takdang-aralin ay tinutukoy bilang nagtatrabaho sa isang grupo.

Sa kabilang banda, ang paggawa ng pananaliksik sa indibidwal na antas ay nagbibigay-daan sa malayang pagpili at pagsasagawa ng mga hakbang sa pananaliksik. Ang indibidwal na mananaliksik ay may kontrol sa lahat ng aspeto ng kanyang pananaliksik mula sa disenyo hanggang sa pagsasalin ng resulta. ang bawat hakbang at desisyon ay maliwanag na nakaatang sa indibidwal. Ito ay maaaring magresulta sa mas malinaw na pag-unlad ng plano at mas maayos na pagtakbo ng pananaliksik.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Samakatuwid, ang pagpili sa paraan ng paggawa ng pananaliksik ay dapat na batay sa mga pangangailangan, layunin, at kalagayan ng mananaliksik at ng kanyang proyekto. Ang tamang balanse sa mga benepisyo at kahinaan ng bawat paraan ay mahalaga upang makamit ang pinakaepektibong resulta sa pananaliksik. Sa huli, ang mahalaga ay ang maayos na pagpaplano, masusing pagsasaliksik, at malalim na pag-unawa sa napiling pamamaraan upang makamit ang layunin ng pananaliksik at makapagbigay ng makabuluhang kontribusyon sa kaalaman at komunidad.

**Saloobin ng mga Mag-aaral tungkol sa Pagsusulat ng Lagom, Konklusyon, at Rekomendasyon sa Pananaliksik**

Ang pagsulat ng isang maayos na lagom, konklusyon, at rekomendasyon ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagsulat ng anumang akademikong papel o pagsasaliksik. Sa kabila ng kahalagahan nito, maraming mag-aaral at mananaliksik ang nahihirapang bumuo ng mga bahaging ito nang maayos. Sa tugon ng respondente 2 na dala ng kawalan ng pokus ay hindi nakakasabay ang mag-aaral sa pagtatalakay ng wastong pagsulat at pagbuo ng kabuuang pananaliksik. Sinasabi rin ng respondente 6 na hindi pa siya umaabot sa Ika-apat na Kabanata dahil wala itong sapat na karanasan na matapos ang kabuuang pananaliksik. Pareho rin ang naging tugon ng respondente 7 na nagsasabing nahihirapan din sa pagsasagawa ng pananaliksik dahil hindi rin nakasasabay sa talakayan. Ipinapakita rin ng respondente 10 ang kawalan ng tiwala sa sariling makatapos ng pananaliksik. Nahihirapan din sa pagsusulat ng pananaliksik ang respondente 15. Ang kakulangan sa kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik ay maaaring magdulot ng kabawasan sa akademikong tagumpay. Ang mga datos sa pagsulat ng thesis ang mga paghihirap ay natipon sa pamamagitan ng isang close-ended na talatanungan na idinisenyo batay sa teoryang iminungkahi ni Harris (2020), na binubuo ng tatlong aspeto: mga kasanayan sa pananaliksik sa paggawa ng introduksyon, metodo at disenyo ng pananaliksik, at resulta at diskusyon. Ang mga kahirapan sa pagsulat ng pananaliksik ay may kaugnayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kasanayan sa pananaliksik at mga kasanayan sa komposisyon ng mga ulat, tulad ng pagsusulat ng introduksyon, pagsusuri sa literatura, pamamaraan, resulta, at talakayan. Ito ay ipinapalagay na ang mga kasanayan sa pananaliksik ay mahalaga sa pag-navigate sa mga landas ng pananaliksik at pagtukoy sa agwat sa pananaliksik. Iniugnay ni Vehviläinen (2009) na dapat matukoy ng mga mag-aaral ang magsaliksik ng mga isyu sa kanilang sarili. Ang mga asignaturang nangangailangan ng pananaliksik, tulad ng asignaturang pang-agham o pang-humanidades, ay maaaring maging sanhi ng stress at kawalang-kumpiyansa sa mga mag-aaral na hindi komportable sa pagsulat. Bukod riyan, Ang paulit-ulit na karanasan ng hindi pagiging epektibo sa pagsulat ng pananaliksik ay maaaring magdulot ng pagbaba ng kumpiyansa sa sarili. Ang mga mag-aaral na patuloy na nagkakamali o nahihirapan ay maaaring mawalan ng interes at determinasyon sa pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan sa pagsulat. Upang malabanan ang mga negatibong implikasyon na ito, mahalaga para sa mga mag-aaral na maglaan ng oras at pagsisikap sa pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan sa pagsulat. Maaaring magsagawa ng mga pagsasanay sa pagsulat, kumuha ng tulong mula sa mga guro o propesor, at gumamit ng mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

upang matuto at mapabuti ang kanilang mga kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik. Ang tamang pagbuo ng lagom, konklusyon, at rekomendasyon ay nagbibigay-diin sa mga pangunahing punto ng papel, nagpapaalala sa mga mambabasa sa kahalagahan ng pag-aaral, at nagbibigay ng mga susunod na hakbang o direksyon para sa pagpapaunlad ng nasabing larangan.

## IV. Konklusyon

Maaari nating sabihin na ang pagkakaroon ng katamtamang grado ng mga mag-aaral sa asignaturang Pananaliksik ay nagpapakita ng pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pagsasaliksik at pagsusuri ng mga suliranin at isyu. Ang ganitong katayuan ay maaaring magpahiwatig ng kanilang pag-unawa sa mga konsepto at pamamaraan sa pagsasaliksik, pati na rin ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mga nararapat na pamamaraan at mga sanggunian upang suportahan ang kanilang mga argumento at mga punto. Gayunpaman, maaaring may mga aspeto pa rin na kailangang mapagtuunan ng pansin at pagpapabuti, tulad ng pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa metodolohiya ng pananaliksik, pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa mga uri at paraan ng pagsasaliksik, at pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pagsusulat at pagpapahayag ng kanilang mga natuklasan. Sa kabuuan, ang pagtatagumpay sa asignaturang ito ay mahalaga hindi lamang sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa paghubog ng kasanayan at pag-uugali ng mga mag-aaral na mahalaga sa kanilang hinaharap bilang mga mapanuring mamamayan at propesyunal.

Ang mga guro ang nagbibigay ng pagsasanay at gabay sa kanilang mga mag-aaral sa mga kasanayang pananaliksik. Sa pamamagitan ng mga asignaturang nauukol sa pananaliksik at mga proyektong pananaliksik, ang mga guro ay nagtuturo ng mga pamamaraan, estratehiya, at kaalaman na kinakailangan upang maging epektibong mananaliksik. Ang kanilang pagtuturo ay hindi lamang nagtataguyod ng pag-unlad sa larangan ng edukasyon kundi pati na rin sa pagpapalago ng kritikal na pag-iisip at pangkalahatang kaalaman ng mga indibidwal. Sa larangan ng edukasyon, mahalaga ang papel ng mga mag-aaral bilang aktibong kasapi sa proseso ng pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman. Isa sa mga mahahalagang bahagi ng kanilang tungkulin bilang mag-aaral ay ang responsibilidad sa pag-aaral at pag-unawa sa proseso ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng pag-unawa at pagtanggap sa kanilang responsibilidad sa pananaliksik, sila ay nagiging epektibong mga mananaliksik at nagiging bahagi ng patuloy na pag-unlad ng kaalaman at sining.

Sa pag-unlad ng mga mag-aaral, ang kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik ay isang mahalagang kasanayan na naglalayong palawakin ang kanilang kaalaman, pag-unawa, at kritikal na pag-iisip. Gayunpaman, ang kawalan ng kakayahan sa pagsulat ng pananaliksik ay maaaring magdulot ng iba't ibang kahihinatnan sa kanilang pag-aaral at hinaharap. Ang pananaliksik ay nagbibigay-daan sa pagtuklas ng mga solusyon sa mga suliranin at hamon.

Ang hindi pagkakaroon ng kasanayan sa paggawa ng pananaliksik ay maaaring humantong sa kawalan ng kakayahang magtukoy ng mga solusyon o rekomendasyon sa mga isyu at problema

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

sa lipunan, paaralan, o iba pang larangan. May mga salik na nakikita kung bakit hindi pa rin sapat ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik: Una, maaaring hindi sapat ang pagsasanay at gabay na ibinibigay sa mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik. Pangalawa, ang limitadong saklaw ng kurikulum sa ilang paaralan ay maaaring maging hadlang sa pagtuturo ng mga kasanayang pananaliksik. Pangatlo, ang kakulangan sa access sa mga mapagkukunan ng impormasyon at teknolohiya sa ilalim ng edukasyon ay maaaring makapagdulot ng kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa paggawa ng pananaliksik. At panghuli, ang kakulangan sa motibasyon at interes sa pananaliksik ay maaaring maging dahilan kung bakit ang ilang mga mag-aaral ay hindi nagpapakita ng sapat na kaalaman at kasanayan sa larangang ito.

Ang pagtuturo ng pananaliksik ay isang hamon sa mga guro na nangangailangan ng mataas na antas ng kasanayan at dedikasyon. Naniniwala ako bilang isang gurong mananaliksik at nagtuturo ng pananaliksik na ang pagtuturo ng pananaliksik ay nangangailangan ng malalim na pang-unawa sa mga metodolohiya, estratehiya, at proseso ng pananaliksik na hindi basta-basta matututuhan sa isang upuan. Ang kakulangan sa oras sa loob ng kurikulum ay maaaring magdulot ng hamon sa pagtuturo ng pananaliksik. Maraming guro ang nakararanas ng limitadong oras sa pagtuturo ng malawak na saklaw ng mga kasanayan at kaalaman sa pananaliksik, kaya't ang pagpili ng mga paksa at aktibidad ay maaaring maging isang hamon din. Sa tamang suporta at pagtutok, ang mga guro ay maaaring magtagumpay sa pagtuturo ng pananaliksik at magbigay ng mahusay na paghahanda sa kanilang mga mag-aaral para sa hinaharap.

Ang pag-aaral tungkol sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa pananaliksik ay isang mahalagang hakbang sa pag-unlad ng mga gawaing pangguro. Narito ang ilang mga batayan at hakbang na maaaring pagbasehan sa paglinang ng mga gawaing pangguro: Una, ang Pagsusuri ng Kasalukuyang Kalagayan. Mahalaga ang pag-aaral ng kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa larangan ng pananaliksik. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng pagtatasa ng kanilang kaalaman sa mga batayang konsepto at pamamaraan sa pananaliksik. Ang pagpapaigting sa mga pamamaraan ng pagtuturo na naglalayong palakasin ang pang-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral sa mga konsepto at pamamaraan ng pagsasaliksik kaakibat ang pagtukoy sa mga kakulangan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Maaaring isama ang mga aktibong diskusyon, mga aktibidad na may kinalaman sa pagsasaliksik, at mga praktikal na gawain upang mapalalim ang kanilang kaalaman at pag-unawa. Kailangang mapag-usapan ng mga guro sa Filipino ang mga posibilidad o mga kahinatnan ng mga mag-aaral bago magsimula ang Panuruang Taon. Ikalawa, ang pagtutok sa proseso ng pagsusulat. Kabilang ang mga hakbang tulad ng pagpaplano, pagsasagawa ng pananaliksik, pagbuo ng balangkas o outline, pagsulat ng unang burador, pagrerebisa, at pagwawasto. Ang pag-unawa sa bawat bahagi ng proseso ay makakatulong sa mga mag-aaral na magtagumpay sa pagsusulat ng kanilang pananaliksik. Ang regular na pagbibigay ng feedback at pagsusuri sa mga isinulat ng mga mag-aaral ay mahalaga upang matiyak na sila ay nagpapabuti at nagpapalakas ng kanilang mga kasanayan sa pagsusulat. Maaaring magkaroon ng mga session ng peer review o one-on-one consultations upang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

akda. Ikatlo, ang Pagpaplano ng Kurikulum**.** Batay sa mga natukoy na kakulangan at pangangailangan, maaaring magsagawa ng pagbabago o pagpaplano sa kurikulum ng Senior High School. Ang pagpapalakas ng mga eksisting na kurso sa pananaliksik ay maaaring isagawa upang mapalakas din ang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangang ito. Dito kinakailangan din ng mga guro na magkaroon ng Focus Group Discussion sa pagsisimula ng asignaturang may kinalaman sa pananaliksik. Balangkasin ang mga dapat maituro sa mga mag-aaral upang hindi makulangan sa panahon at oras. Ikaapat, ang Pagbibigay ng mga Pagkakataon sa Praktika**.** Bukod sa teorya, mahalaga rin na bigyan ng mga pagkakataon ang mga mag-aaral na magamit ang kanilang natutuhan sa aktuwal na paglilikha ng mga pananaliksik. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng mga proyekto, pagsusuri ng mga kaso, o pagpapagawa ng mga research paper.At ang panghuli, ang pagpapalakas ng kolektibong pagtuturo. Mahalaga ring bigyan ng pagpapahalaga ang kolektibong pagtuturo kung saan ang mga guro ay nagtutulungan upang mapalakas ang kasanayan sa pananaliksik ng kanilang mga mag-aaral. Maaaring isagawa ang mga workshop, seminar, o mga konsultasyon upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa larangan ng pananaliksik.

## REFERENCES


[1] Bayang, E. E. at Rodriguiz, A. R. (2020). Kaalaman at Kasanayan (competence) sa pananaliksik ng mga senior hayskul sa Filipino: Implikasyon sa pagtanggal ng Filipino sa Kolehiyo. International Journal of Current Research.
[2] Dupale, H.F. et al. (2022). Kahandaan ng mga Mag-aaral sa Pagsasagawa ng Makabuluhang Pananaliksik. Urdaneta City University.
[3] Edma, C.G. et al. (2023). Kompetensi ng mga Mag-aaral sa Senior High School sa Larang ng Pagsulat Teknikal. American Journal of Multidisciplinary Research and Development.
[4] Ejercito, J.M., Ramos, M.R., & Titco, P.R. (Oktubre, 2017). Mga Estilo Ng Pag-Aaral At Epekto Nito Sa Akademikong Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Ng Baitang 12 Sa Mga Strand Ng Abm, Humss At Stem Ng La Salle Green Hills. Mula sa https://www.researchgate.net/publication/349993658
[5] Labrador, F. D. (2018). Sitwasyong Kinakaharap ng mag-aaral ng Senior High School sa Dalig National High School tungkol sa Pananaliksik.
[6] Metrillo A. P. (2018). Pagbuo ng Gabay sa Sulating Pananaliksik sa Senior High School. Hango sa https://www.academia.edu/40167390


Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved